Chemotherapy

Chemotherapy, also called chemo, is medicines used to treat cancer. These medicines destroy cancer cells, keep them from growing and spreading, shrink the size of a tumor or relieve cancer symptoms.

Depending on the type of cancer, chemotherapy medicine may be given:

- With other medicine.
- Before or after surgery and/or radiation to shrink a tumor.
- In cycles so that your body can rest and repair between treatments.
- Throughout the body or directly into the site of the cancer.
- In a vein called an IV or intravenous or as a pill, an injection, skin lotion or cream.
- In a hospital, doctor's office or clinic.

Your doctor will decide on the type of medicines and how often they are to be given.

Side Effects

Chemo can destroy or slow down the growth of normal cells, including cells of the hair, mouth, digestive system, and blood stream. This can result in:

- Hair loss
- Mouth sores
- Nausea or vomiting
- Diarrhea
- Infections
- Tiredness
- Bleeding problems

Kemoterapi

Ang kemoterapi, na tinatawag ring kemo, ay mga gamot na ginagamit upang malunasan ang kanser. Sinisira ng mga gamot na ito ang mga selula ng kanser, pinipigilan silang lumaki at kumalat, pinapaliit ang sukat ng tumor o pinapagaan ang mga sintomas ng kanser.

Depende sa uri ng kanser, maaaring ibigay ang gamot na kemoterapi:

- Kasama ang iba pang mga gamot.
- Bago o pagkatapos ng pag-opera at/o radyasyon upang paliitin ang tumor.
- Sa iba't ibang panahon para makapagpahinga at mapagaling ang inyong katawan sa pagitan ng bawat paggagamot.
- Sa buong katawan o sa mismong kinaroroonan ng kanser.
- Sa isang ugat na tinatawag na IV o intravenous o bilang pildoras, iniksiyon, losyon sa balat o krema.
- Sa ospital, opisina o klinika ng doktor.

Ang inyong doktor ang magdedesisyon sa klase ng mga gamot at kung gaano kadalas itong ibibigay.

Masasamang Epekto

Maaaring wasakin o pabagalin ng kemo ang paglaki ng mga karaniwang selula, kasama ang mga selula ng buhok, bibig, sistema ng dihestibo (digestive system), at daloy ng dugo. Maaari itong magresulta sa:

- Pagkalagas ng buhok
- Mga sugat sa bibig
- Pagkaduwal o pagsusuka
- Pagtatae
- Mga impeksyon
- Pagkapagod
- Mga problema sa pagdurugo

You will be watched closely for side effects. Let your doctor or nurse know how you are feeling. Exams, blood tests and medicines will be used to prevent or treat any side effects and check your condition.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns.

7/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

Babantayan kayong mabuti para sa masasamang epekto. Ipaalam sa inyong doktor o nars kung ano ang inyong nararamdaman. Ang mga pag-eksamen, pagsusuri ng dugo at mga gamot ay gagamitin upang mapigilan o malunasan ang anumang masasamang epekto at suriin ang inyong kondisyon.

Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong mga katanungan o pag-aalala.

7/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.